

WORD

Subukan ninyo at inyong makikita, kung gaano kabuti ang Panginoon. Napakapalad ng taong naghahanap ng kaligtasan sa kanya! **MGA SALMO 34:8**

(Basahin din ang **MGA SALMO 34.**)

Isinulat ni David ang salmang ito noong ang pagiging hari ay isa pa lamang pangako. Ang totoo, napalilibutan siya ng maraming kaaway at mahirap na mga sitwasyon. May isang pagkakataon na nagkunwari siyang nasisiraan ng ulo sa harapan ni Abimelech, at siya ay itinaboy nito. Pinagpala ng Diyos si David sa pamamagitan ng pagligtas sa kanya mula sa panganib, at mas lalo pa sa pagbibigay sa kanya ng proteksiyon nang siya ay makatakas. Subalit ang kabutihan ng Diyos ay hindi dito natapos. Ang pinakamagandang pagpapala na natanggap ni David ay ang Diyos mismo. Napalapit siya sa Diyos, at inihayag niya ang kabutihan ng Diyos sa personal at mabisang paraan. Ang Diyos na nagpakita kay David ng labis na kabutihan ang Siya ring Diyos na nagmamahal at nagpapakita ng kabutihan sa atin araw-araw. Sa araling ito, ating titignan kung paano tayo dapat tumugon sa kabutihan ng Diyos sa ating buhay.

1 Purihin ang Panginoon.

¹Pupurihin ko ang Panginoon sa lahat ng oras. Ang aking bibig ay hindi titigil sa pagpupuri sa kanya. ²Ipagmamalaki ko ang gawa ng Panginoon; maririnig ito ng mga api at sila'y magagalak. ³Halikayo! Ipahayag natin ang kadakilaan ng Panginoon, at itaas natin ang kanyang pangalan. **MGA SALMO 34:1-3**

Sa tuwing nahaharap sa mga suliranin, pinapalaki ni David ang Diyos at hindi ang mga pagsubok. Sa parehong paraan, dapat nating purihin ang Diyos hindi lamang tuwing wala tayong suliranin, kundi maging sa mga mahirap na pagkakataon. Dahil ang katotohanan ay mabuti Siya anuman ang ating sitwasyon at nararapat na lagi Siyang purihin. Sa iyong sitwasyon sa kasalukuyan, sa paanong paraan mo magagawang purihin ang Diyos?

.....

.....

2 Hingin ang gabay ng Panginoon.

⁴Ako'y nanalangin sa Panginoon at ako'y kanyang sinagot. Pinalaya niya ako sa lahat ng aking takot. . . . ¹⁰Kahit mga leon ay kukulangin sa pagkain at magugutom, ngunit hindi kukulangin ng mabubuting bagay ang mga nagtiwala sa Panginoon.

MGA SALMO 34:4,10

Hindi pinalagpas ni David ang mga pagkakataon upang makita ang Diyos. Hinarap niya ang lahat ng mga mabibigat na pagsubok sa pamamagitan ng paglapit sa Kanya at pagpayag na Siya ang mamuno. Gaya ng paglapit ni David sa Diyos na buo ang paniniwala at kasiguraduhan na Siya ay sasagot, tayo rin ay hindi dapat mapagod na lumapit sa Diyos araw-araw. Dahil hindi siya malayo o kaya ay bingi, alam natin na naririnig Niya ang bawat hinaing ng ating mga puso. Balikan ang isang pagkakataon kung kailan tumawag ka sa Diyos at Siya ay sumagot. Paano Niya ipinakita sa iyo ang Kanyang kabutihan?

3 Magtiwala sa Panginoon.

¹⁷Tinutugon ng Panginoon ang panalangin ng mga matuwid, at inililigtas sila sa lahat ng mga suliranin. ¹⁸Malapit ang Panginoon sa mga may bagbag na puso, at tinutulungan niya ang mga nawawalan ng pag-asa. **MGA SALMO 34:17,18**

(Basahin din ang **DEUTERONOMIO 3:16**.)

Nang kinailangan ni David ang Diyos, nandoon Siya. Hindi siya nagkulang sa pagligtas kay David sa kapahamakan. Pinagiginhawa ng Diyos ang ating pakiramdam at inililigtas tayo sa lahat ng hinaharap nating kaguluhan. Dahil mabuti ang Diyos, nais Niya ang pinakamabuti para sa Kanyang mga anak. Maaari tayong magtiwala sa Kanya dahil tutuparin Niya ang lahat ng Kanyang ipinangako. Sa mga oras ng kahirapan, mayroon tayong kasiguraduhan na makaka-asa tayo sa Kanya anuman ang mangyari. Bakit tayo dapat maging matapang at hindi takot (Deuteronomio 31:6)? Ano ang ipinangako ng Diyos sa mga naniniwala sa Kanya?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na mabuti ang Diyos? Sa anong bahagi ng iyong buhay mo nakita ang Kanyang kabutihan? Paano mo mas mauunawaan ngayong linggo kung sino Siya?
- Kapag kaharap mo ang mga pagsubok, nagpupuri, humihingi ng gabay, at nagtitiwala ka ba sa Diyos sa gitna ng mga kinakaharap mong sitwasyon o nagtitiwala ka sa sarili mong lakas? Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangang magtiwala sa Diyos?
- Paano mo maipapakita ang kabutihan ng Diyos sa ibang tao ngayong linggo? Kanino ka maaaring maging isang pagpapala at isang imahe ng Kanyang kabutihan?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kabutihan Niya sa iyong buhay. Balikan ang mga naging pagpapala Niya sa iyo at sa iyong pamilya.
- Ipanalangin na lalo pang lumalim ang relasyon mo sa Diyos habang hinahangad mong makilala Siya at na maipakita ng buhay mo ang Kanyang kabutihan.
- Ipanalangin na mabigyan ka ng mga pagkakataon na maibahagi ang kabutihan ng Diyos sa ibang tao, at ang ginawa ni Jesus sa krus para sa atin.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph